

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Inilalabas ng Brampton ang updated na Pangkapaligirang Master Plan**

***Ang Plan ay nagtatampok ng halos 60 aksyon na matindi ang epekto sa pagiging sustainable at pagbabago ng klima sa Brampton.***

BRAMPTON, ON (Marso 25, 2021) – Sa Marso 24, magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang update sa [Brampton Grow Green Environmental Master Plan \(EMP\)](#), na nagmula sa pangako nitong maging isang [Green City](#).

Ang update nitong mahalagang dokumento ay nagha-highlight sa mga pangkapaligirang tagumpay ng Lungsod ng Brampton at kung paano nag-evolve ang mga pangkapaligirang prayoridad mula nang unang inilabas ang EMP noong 2014, at nagbigay ng sariwang Action Plan para hikayatin pasulong ang mga mithiing ito. Nagtatampok ang Action Plan ng 60 aksyon na matindi ang epekto na nagtatakda sa daan para sa mas luntiang lungsod sa loob ng susunod na dekada, at magpapabilis sa Brampton bilang isang nakakalusog, madaling nakakabangon, at sustenableng komunidad kaugnay ng kapaligiran.

Kabilang sa mga aksyon na ito ang pagpapalawak sa programa sa mga Hardin sa Komunidad, pagpapatuloy sa designasyon na Bee City, pagtatakda sa Plano ng Pagpapaangkop sa Pagbabago ng Klima, at paglikha ng mga estratehiya ng pagiging matipid sa tubig para sa mga pasilidad ng Lungsod.

Nagbabase sa pampundasyong trabaho na nagpapatuloy na, ang Lungsod at ang mga partner nito ay patuloy na magtuturo, magpapanabik, at magbibigay lakas sa mga residente, mga negosyo at mga samahan ng komunidad na gumawa ng aksyon sa pagbabago ng klima at pagiging sustainable.

### **Background**

Ang Brampton Grow Green EMP ay ang blueprint ng Lungsod sa pagdagdag sa panloob na pangkapaligirang pagiging sustainable at sa buong komunidad. Unang inilabas noong 2014, binabalangkas ng EMP ang bisyon, panggabay na mga prinsipyo, mga layunin at mga aksyon para sa mas sustenableng hinaharap, at sukatan ng performance at mga target para hikayatin at tasahin ang progreso.

Ang EMP ay naging sanhi ng malaking mga pagbabago sa marami sa mga plano, polisiya, proyekto, at mga kaugaliang gawain sa Lungsod na nagpapahusay sa pangkapaligirang performance ng Brampton, kalidad ng buhay, at nakatulong sa Lungsod na maging pangkapaligirang lider sa Greater Toronto at sa Hamilton Area.

### **Mga Quote**

“Magkaisang inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ng Brampton ang bagong Brampton Grow Green Environmental Master Plan. Ang Brampton ay isang Green City, at dedicated tayo sa pagtiyak na itong Termino ng Prayoridad ng Konseho ay nailalarawan sa lahat ng ginagawa natin. Ang updated na Plano ay isang mahalagang dokumento na magpapahikayat ng pagiging sustainable sa Brampton sa loob ng susunod na dekada.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ipinagmamalaki nating ilabas ang bagong Brampton Grow Green Environmental Master Plan. Ito ay isang plano na nakasentro sa aksyon para matiyak ang mas sustenableng hinaharap para sa Brampton, pinagsasama ang lens ng corporate (Lungsod) at komunidad sa 60 aksyon na may matinding epekto. Iniimbitahan ko ang lahat na saliksikin ang bagong plano.”

- *Paul Vicente, Chair, Public Works and Engineering; Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5, Lungsod ng Brampton*

“Nasa paglalakbay tayo para bawasan ng 80 porsyento ang greenhouse gas emissions na nalikha sa Brampton bago lumipas ang 2050, at ang updated na Brampton Grow Green Environmental Master Plan ay susuporta sa misyon na ito. Mayroon tayong mga planong maresulta para gagawa ng tunay na pagbabago sa komunidad at bubuo ng mas magandang kinabukasan.”

- *Doug Whillans, City Councillor Wards 2 at 6; Miyembro, Environment Advisory Committee; Miyembro, CEERP Community Task Force, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang staff ng Lungsod na lumikha ng sustenableng pagbabago sa pamamagitan ng updated na Brampton Grow Green Environmental Master Plan. Magpapatuloy tayo na makipagtulungan sa ating mga partner at mga stakeholder para ipatupad itong mahalagang action plan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca)

#### **KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)